

Taon XXXII Blg.5 Mayo 2002

Editoryal

Paghandaan at labanan ang tuluy-tuloy at papataas na antas ng interbensyong militar ng US sa Pilipinas

along lumilinaw na ang tunay na pakay ng imperyalismong US ay ang tuluy-tuloy na presensya ng paparaming bilang ng mga tropang Amerikano sa bansa. Marami nang indikasyon na ang dagsa ng mga tropang US sa bansa, partikular sa Basilan, ay hindi magtatapos sa anim-na-buwang taning ng Balikatan 02-1.

Nitong nakaraang mga buwan, unti-unting inilatag ng US, kakutsaba ang papet na rehimeng Macapagal-Arroyo, ang mga "batayan" para mabigyang-katwiran ang maitim nitong mga pakana.

Sa simula'y isinangkalan ang pagtulong nito sa AFP na sugpuin ang bandidong Abu Sayyaf at iligtas ang dalawang Amerikanong *hostage* ng mga bandido. Isinangkalan ang mga ito upang mapahupa ang matinding pagtutol sa presensya ng mga tropa ng US sa Pilipinas.

Subalit mag-aanim na buwan na ang mga tropa ng US dito ay hindi pa nadudurog ang Abu Sayyaf o naililigtas ang mga Amerikanong bihag. Nagbukas na rin ang mga upisyal na Amerikano na magbayad ng pantubos.

Nitong Abril, pumasok ang karagdagang 320 tropang Amerikano at sinimulan ang pagtatayo ng mga imprastrukturang militar upang suportahan ang mga gamit militar ng US. Kasabay nito, makailang ulit na ipinahayag ni Macapagal-Arroyo na pabor siya sa ekstensyon ng pananatili ng mga tropang Amerikano sa Basilan.

Sa kabilang panig, palaki nang palaki ang mga "pagsasanay" at "operasyong tulungan" sa pagitan ng mga tropa ng US at ng AFP. Mula Abril 22 hanggang Mayo 6, inilunsad ang Balikatan 02-2 na nilahukan ng 2,500 tropang Amerikano.

Inianunsyo naman ni National Security Adviser Roilo Golez at ni Balikatan *co-director* Brig. Gen. Emmanuel Teodosio, na aabot sa 5,000 tropang





- 1 Editoryal: Paghandaan at labanan ang tuluy-tuloy at papataas na antas ng interbensyong militar ng US sa Pilipinas
- 3 Panghihimasok ng imperyalismong US
- 5 Walang habas na paglabag sa karapatang-tao sa Sulu
- 6 Usapang pangkapayapaan, isinara ng rehimen
- 7 Samantalahin ang tumitinding mga hidwaan ng mga reaksyunaryo
- 9 Tungkol sa planong Constitutional Convention
- 10 Protesta ng mamamayan sa pagtataas ng presyo at singil
- 12 Pagpapatalsik kay Macapagal-Arroyo, iginiit nitong Mayo Uno
- 13 Mga pagkilos sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa
- 14 Rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa Nepal
- 15 Balita

Amerikano ang lalahok sa isa sa mga Balikatan sa 2003. Partikular na layunin ng mga "pagsasanay" na ito ang makamit ang "interoperability" (madulas na pagsasanib ng mga tropa ng Pilipinas sa mga operasyon ng militar ng US).

Ipinahayag din ni Adm. Dennis Blair, hepe ng US Pacific Command, na hangarin ng US na palawakin ang misyon ng mga tropang Amerikano sa Mindanao. Nais ni Blair na direktang lumahok ang mga tropang Amerikano sa mga operasyong pangkombat di lamang sa Basilan kundi sa iba pang bahagi ng Mindanao, lagpas sa kasalukuyang misyon nito ng "pagsasanay".

Iisa lamang ang pakay ng lahat ng ito: Nais ng US at ng papet na rehimeng Macapagal-Arroyo na gawing permanente ang presensya ng mga tropang Amerikano at pataasin pang lalo ang antas ng imperyalistang interbensyon sa Pilipinas. Tungo rito, isinasagawa ang kung anu-anong pakana, maniobrang ligal at baluktot na pangangatwiran.

Sa esensya, ang buong bansa ngayon ay isang base militar ng US. Mas masahol ito sa nagdaan dahil nagagamit ng kahit ilang bilang ng mga tropang Amerikano anumang oras ang anumang bahagi ng Pilipinas para sa kanilang mga layuning pangmilitar. Ibayong pagtitibayin ang ganitong kaayusan sa ipinapakanang mga amyenda sa reaksyunaryong konstitusyon.

Anong ito ng US na panatilihin ang permanenteng presensyang militar ay nakapaloob sa reoryentasyon ng pakat militar ng US para tiyakin ang ibayong paghahari nito bilang nag-iisang superpower pagkatapos ng Cold War. Pinalakas lalo ang reoryentasyong ito pagkatapos ng atake sa US noong Setyembre 11, 2001.

Batay sa plano, kailangang maaga pa lamang ay pumwesto na ang mga tropa ng US sa mismong lugar o sa pinakamalapit sa maaaring pagmulan ng anumang banta sa seguridad at interes pampulitika at pang-ekonomya ng US. Ang gayong mga tropang nakapusisyon sa mga estratehikong lugar sa mundo ay panghadlang sa anumang banta (forward deterrent forces) at nagsisilbi ring pwersang mabilisang mamomobilisa at maipapakat upang sugpuin ang anumang atake saanmang bahagi ng mundo ito magmula (forward combat and expeditionary forces).

Upang bigyang-katwiran ang presensya ng US sa Pilipinas, sinasabi ni Bush at ng mga upisyal

sa depensa ng US na umiiral ang isang "lambat ng mga terorista" sa Southeast Asia. Kinakailangan diumanong magpakat ng mga tropang Amerikano sa Mindanao upang pilayin ang mga operasyon ng mga "terorista" rito. Balak na ring pagsilbihin itong *forward base* para abutin ang Indonesia at iba pang bahagi ng Southeast Asia kung saan sinasabing may mga ugnay at base ang mga "terorista". Sa mapang-aping pananaw na ipinalalaganap ng US, ang Mindanao-Indonesia-Malaysia umano ay malaking potensyal na base ng mga "terorista" dahil narito ang pinakamalaking populasyon ng mga Muslim sa mundo.

Ang Southeast Asia ay bahagi ng tinatagurian ng US na malawak na "arc of instability" (hanay ng mga bansang pinagmumulan ng instabilidad) mula Middle East hanggang Northeast Asia. Binibigyan ngayon ng US ng natatanging diin ang pagpapalakas ng mga pwersa nito sa Southeast Asia at iba pang bahagi ng "arc of instability" kung saan nawala o nagkulang ang presensya ng US sa nakaraan at lumalakas ang mga banta sa katatagan ng mga interes ng US. Pinangangambahan ng US ang potensyal na pagsiklab ng kaguluhan bunsod ng malalim na krisis na bumabalot sa mga bansa rito at ng pag-usbong at pagsulong ng mga demokratiko at makabayang pakikibaka ng mga mamamayan dito.

Higit sa lahat, nais ng US na magdeploy ng pwersa sa Pilipinas upang harapin ang isa sa mga bantang pangunahing pinangangambahan nito—ang pambansa-demokratikong rebolusyonaryong kilusan. Ito at ang nakikibakang mamamayang Moro ang balak gawing target ng susunod na yugto ng mga pinagsamang operasyong militar ng US at AFP sa bansa.

Palaki nang palaki ang posibilidad ng armadong agresyon. Dapat pang pag-ibayuhin ng mga ligal at demokratikong pwersa ang paglalantad, pagbatikos at pagtutol sa ganitong pakana ng imperyalismong US at ng papet nitong rehimen. Dapat pamunuan at pakilusin ang mamamayan upang ipamalas na hindi maaaring tumagal sa poder ang isang pangulong walang-kahihiyang lumalapastangan sa soberanya ng Pilipinas. Dapat ding gawing kongkretong layunin ng gayong mga pagkilos ang pagpapatalsik sa lahat ng mananakop na tropa sa bansa.

Ubos-kaya nating pinagsisikapan na pigilan ang armadong agresyon. Subalit oras na maglunsad ng atake ang mga pinagsanib na tropang Amerikano at AFP sa teritoryo ng rebolusyonaryong kilusan, daranasin nila ang bigwas ng isang digma ng pambansang pagpapalaya. Dapat ihanda para rito ang pag-iisip at organisasyon ng rebolusyonaryong kilusan at ng mamamayan.



Tuluy-tuloy ang pagtutol ng mamamayan sa Balikatan

Walang pagod na naglulunsad ng mga kilos protesta ang mamamayan laban sa Balikatan. Sa iba't ibang dako ng bansa, tuluy-tuloy na isinasagawa ang malalaki at maliliit na aksyong masa bilang pagtutol sa presensya ng mga tropa ng US sa Pilipinas. Sumusunod ang ilan sa mga pinakatampok na rali:

Protest caravan sa Gitnang Luzon.

Sinalubong ng protestang bayan noong Abril 22 ang pagbubukas ng Balikatan 02-2. Daandaang mamamayan ang naglunsad ng *protest caravan* mula sa Quezon City. Sumanib ito sa may 2,000 residente ng Cabanatuan City at tumuloy sa Laur, Nueva Ecija para magdaos ng programa. Pinangunahan ito ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), Bayan Muna, Kilusang Mayo Uno at GABRIELA. Nagrali sila sa mismong tapat ng Fort Magsaysay sa kabila ng pagtatangka ng Recom 3 na pigilan ang kilos protesta.

Sa pangunguna pa rin ng BAYAN, kinalampag ng *protest caravan* ang pagtatapos ng Balikatan 02-2 sa Clark Air Base, Pampanga nitong Mayo 6. Nagbuo ng *human chain* ang may 1,000 demonstrador sa pasukan ng Clark. Iginiit nila na hindi na dapat tumagal nang kahit isa pang araw ang mga sundalong Amerikano na lumahok sa pagsasanay.

People's Caravan sa Timog Kataga-lugan. Inilunsad nitong Mayo 5 ng 400 mamamayan mula sa Calamba, Laguna ang isang caravan laban sa Joint RP-US Military Exercises sa Ternate, Cavite. Kinabilangan ito ng 14 na sasakyan at dumaan sa Trece Martires City, Naic, Maragondon, Tanza, Ternate at Noveleta, pawang sa Cavite. Pinangunahan ito ng BAYAN-Southern Tagalog at Movement for the Advancement

ANG BAYAN. Mayo 2002

of Nationalism. Tinuligsa rin ng mga nagprotesta ang nagpapatuloy na militarisasyon sa Timog Katagalugan.

Tinangka ng mga pulis na pigilan ang programa ng mga nagpoprotesta pagdating sa sentro ng Cavite. Nang hindi ito mapigilan, nagpaingay ng sariling *sound system* ang pulisya upang tabunan ang sigaw ng mga nagrarali.

Aksyong masa ng mga Aeta. Naglunsad ng kilos protesta laban sa Balikatan 02-2 ang mga Aeta mula sa Gitnang Luzon sa tapat ng US Embassy noong Abril 30. Nagsagawa sila ng sayaw pandigma (war dance) upang tutulan ang pagpapalayas sa kanila mula sa Crow Valley Gunnery Range sa Capas, Tarlac. Ang Crow Valley ay saklaw ng mga lupang ninuno ng mga Aeta na ginagamit tuwing idinaraos ang Balikatan. Bukod sa 40 pamilyang Aeta na pinalayas sa Sityo Tarukan para sa Balikatan 02-2, 20 pang pamilya ang nauna nang pinalayas sa Durungawan, isang burol sa naturang gunnery range. Tinayuan ng squadron building ng mga sundalo ng US ang burol.

Matataas na upisyal-militar ng US, bumisita sa Basilan

Ipinakikita ng sunud-sunod na pagbisita kamakailan sa Basilan ng matataas na upisyal sa depensa at militar ng US na lagpas sa pagtugis sa iilang bandidong Abu Sayyaf ang kabuluhan ng presensya ng mga tropa ng US sa Mindanao.

Noong Abril 28, sa kauna-unahang pagkakataon mula nang simulan ang Balikatan noong 1981, bumisita ang pinakamataas na upisyal-militar ng US na si Gen. Richard Myers, pinuno ng US Joint Chiefs of Staff, sa mga tropang "nagsasanay" sa Zamboanga City at Basilan.

Nitong Mayo 7, dumating sa Pilipinas si US Army Department Undersecretary Les Brownlee upang mag-inspeksyon sa mga sundalo ng US na nakadeploy sa Zamboanga at Basilan.

Dumating naman nitong Mayo 5 sa Basilan ang kumander ng 3rd Expeditionary Force ng US Marines na si Lt. Gen. Wallace Gregson, kasama ang 160 karagdagang US Special Forces.

Eskwelahan at mga bahay sa Mabalacat, binagsakan ng *jetfighter*



Sumabog sa ere at bumagsak sa Mabalacat Elementary School sa Pampanga nitong Mayo 2 ang isang Air Force F-5 Freedom Fighter *jet* na ginagamit sa Balikatan 02-2.

Nasunog ang buong katawan at namatay sa ospital si Jesus Rivera, isang guro, samantalang 10 pang sibilyan ang nasugatan. Apat na gusali ng paaralan at ilang bahay malapit dito ang nawasak sa pagbagsak ng *jetfighter*.

Nagpahayag ng pangamba ang mga biktima na maaaring maulit pa ang ganitong insidente sa mga susunod pang pagsasanay-militar. Nangangamba rin silang hindi sila mabibigyan ng bayad-pinsala gaya ng naranasan ng mga naunang biktima ng mga aksidenteng tulad nito. Bago ito, nagpahayag na ng pag-aalinlangan ang mga residente ng Mabalacat hinggil sa paggamit ng kanilang lugar bilang ruta ng mga eroplanong pandigma sapagkat kinakatangian ito ng sunud-sunod na bahayan.

Galing sa *landing practice* sa Ternate, Cavite ang *jetfighter* at pabalik na sa Clark Air Base nang ito ay sumabog. Nasawi ang piloto ng *jetfigher*.

Mamamayan ng Zambales, ginagambala ng mga eroplanong pang-Balikatan

Inireklamo ng mga residente ng Barangay Palanginan, Iba, Zambales noong huling linggo ng Abril ang ingay na dulot ng pagpapalipad ng mga eroplano at helikopter na ginagamit sa Balikatan 02-2. Anila, dahil sa mababang lipad ng mga Cobra, Black Hawk at F-18 Hornet, naliligalig ang mga bata at natataranta ang mga hayop sa bukid.

Samantala, nagpahayag ng pag-aalala sa kanilang kaligtasan ang mga mangingisda sa San Antonio, Zambales dahil sa mga pagsubok na pambobomba (mock bombing) ng mga naturang fighter plane. Anila, malapit lamang sa San Antonio ang Capones Island, na siyang dating paboritong target range ng mga tropang Amerikano.

Walang habas na paglabag sa karapatang-tao sa Sulu

ng mas malaking bahagi ng operasyon ng mga sandatahang pwersa ng rehimen laban sa Abu Sayyaf ay kinatatampukan hindi ng aktwal na sagupaan sa pagitan ng mga sundalo ng estado at ng bandidong grupo, kundi ng maraming malalalang paglabag sa karapatang-tao at pananalanta sa buhay, komunidad, kabuhayan at pag-aari ng mga sibilyan.

Noong Marso 5-7, isang grupo ang nagsagawa ng pagsisiyasat sa mga paglabag sa karapatang-tao ng mamamayan ng Sulu kaugnay ng ilang taon nang militarisasyon sa lugar. Binuo ito ng mga kinatawan ng Karapatan; Kapatut, isang organisasyon ng mga Moro sa Zamboanga City para sa karapatang-tao; at Concerned Citizens of Sulu (CCS), isang grupo ng mga abugado, doktor, negosyante, guro at lider-simbahan na nagtataguyod sa kapakanan ng mamamayang apektado ng mga operasyong militar laban sa bandidong Abu Sayyaf. Isinagawa ang pagsisiyasat sa harap ng tumitinding operasyong militar kaakibat ng Balikatan 02-1.

Ang sumusunod ay mula sa mga salaysay ng mga residente sa mga barangay na napuntahan ng grupo.

Pambobomba, panununog ng mga bahay, pagnanakaw at dislokasyon

Sa Barangay Darayan, isang umaga noong Pebrero, dumating ang mga eroplano ng Philippine Air Force at biglang hinulugan ng mga bomba ang mga komunidad at eskwelahan. Matapos ang pambobomba, dumating ang mga sundalo.

Ayon sa mga residente, mula Pebrero 12-15, pinagsusunog ng militar ang lahat ng 273 bahay sa palibot ng eskwelahan. Sa ngayon ay wala nang naninirahan sa lugar at pinagbibintangang bandido ang sinumang maabutan doon.

Labing-walong buwan nang naninirahan sa Daymala Elementary School ang mga taga-Barangay Kabbon Takkas na lumikas dahil sa militarisasyon. Noong Nobyembre 22, 2001, tatlong bomba ang bumagsak sa eskwelahan at lumigalig sa mga *evacuee*. Alam ng militar na may mga residente roon. Idinahilan ng militar na nagkamali ang piloto sa pagbomba sa eskwelahan.

Dahil sa hindi ligtas na kalagayan sa eskwelahan, lumikas ang 70 pamilya mula Barangay Kabbon Takkas tungong Barangay Danag, Patikul, na limang oras nilang nilakad. Nagsiksikan sila sa mga silid-aralan ng Danag Elementary and High School. Kapag may klase sa araw, naghihintay muna sa labas ang mga evacuee. Ang iba nama'y nagtayo ng pansamantalang mga tirahan sa

bakuran ng eskwelahan. May mga
batang nagkasakit
sa balat, na ayon
sa mga evacuee ay
sumulpot matapos ang pambobomba sa kanilang lugar.

Noong
Nobyembre 21, 2001,
pinagnakawan
at sinunog ng 7th
IB ang bahay ni
Radzata Usman,
isang guro sa
Barangay Caunayan.

Avon sa kanya, nilisan ng kanyang pamilya ang kanilang tahanan noong Nobyembre 19 dahil sa engkwentrong naganap sa pagitan ng militar at Abu Sayyaf sa kalapit na Barangay Buhanginan. Naiwan nila ang kanilang mga kagamitan sa bahay. Makalipas ang dalawang araw, inoperasyon ng militar ang Barangay Caunayan. Pinaabutan siya ng giya ng mga militar na kunin ang mga kagamitan ng pamilya dahil susunugin ng militar ang kanilang bahay. Pero sunog na ito nang kanyang datnan. May mga palatandaang pinagnakawan muna sila ng militar bago sinunog ang bahay. Pinagtatabas din ang

ANG BAYAN . Mayo 2002

mga tanim nilang saging at kawayan. Sa pandarahas na ito, 18 bahay ang sinunog ng militar. Karamihan sa mga residente ay hindi pa rin nakababalik sa Barangay Caunayan.

May mga sinunog ding bahay sa Barangay Buhanginan. Sa ilang lugar, pinagnanakaw at pinagkakatay ng militar ang mga alagang hayop ng mga residente. Ayon sa mga taumbaryo, isinakay ang kanilang mga alagang hayop sa mga trak ng militar.

Pagpatay

Noong Setyembre 18, 2000, inoperasyon ng militar ang Barangay Darayan, Patikul. Pinatay ng militar ang isang lalaking hindi sumama sa ebakwasyon at sinunog ang kanyang bangkay. Noon ding Setyembre, sinunog ng militar ang bangkay ni Abdumasul Salani, 19, matapos basta na lamang pagbabarilin nang makasalubong siya habang naglalakad mula sa eskwelahan. Tanging ang likod ng kanyang ulo ang hindi nasunog.

Ayon sa CCS, 22 sibilyan na ang nawawala mula nang maglunsad ang militar ng operasyon para tugisin ang Abu Sayyaf sa Sulu.

Kagutuman at mga sagupaang sibilyan-militar

Matinding gutom ang dinaranas ng mamamayan sa lugar. Hindi nila mapuntahan ang kanilang mga taniman dahil mapagkakamalan silang mga kasapi ng Abu Sayyaf at papuputukan. Maaari rin silang matamaan ng mga bomba. Sa kabila ng peligro sa kanilang buhay, para makakuha ng makakain ay may mga residenteng nangangahas pa ring pumunta sa kanilang mga taniman nang may dalang mga baril. Kapag nakakasagupa nila ang mga militar, iniuulat ito ng AFP sa masmidya bilang engkwentro sa Abu Sayyaf.

Usapang pangkapayapaan, isinara ng rehimen

igit na ipinakikita ni Gloria Macapagal-Arroyo ang kanyang militaristang katangian. Sa desisyong iniutos ng amo niyang imperyalista, epektibong isinara na ni Macapagal-Arroyo ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ng National Democratic Front of the Philipines (NDFP).

Sa desisyon ng Pambansang Komiteng Tagapagpaganap ng NDFP noong Abril 12, batay sa rekomendasyon ng

NDFP Negotiating Panel at ng Chief Political Consultant, kinundena nito ang sumusunod na mga ginawa ni Macapagal-Arroyo:

Pag-abandona sa balangkas ng negosasyong inilatag ng The Hague Joint Declaration, Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees at Joint Agreement on the Formation, Sequence and Operationalization of the Reciprocal Working Committees;

Pagpawalambisa sa mga mayor
na kasunduang pormal na pinirmahan at inaprubahan ng mga pinuno
ng NDFP at GRP mula 1992 hanggang
2001, pati na rin ang mga kasunduang
pormal na pinirmahan at inaprubahan
ng mga negotiating panel ng
NDFP at GRP sa parehong
panahon; at

Pagsasara sa pormal na negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP. Ipinalit dito ang tinaguriang *back channel talks* ng mga emisaryo ng GRP at NDFP. Ang pananatili sa ganitong paraan na lamang ng usapan ay nagpapalagay ng pagsuko ng NDFP at pagbaklas sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Batay ito sa maling paniniwala ng GRP na ang NDFP ay takot sa mersenaryong militar, pulisya at pwersang paramilitar ng papet na rehimeng Macapagal-Arroyo

at sa panghihimasok ng pwersang militar ng US.


Lung tutuusin, sa umpisa pa lamang ng panunungkulan ni Macapagal-Arroyo ay hindi na ito nagpakita ng kaseryosohan sa usapang pangkapayapaan. Noong Mayo, arbitraryo at makaisang-panig na itinigil nito ang negosasyong pangkapayapaan. Ginamit na dahilan ang pagpataw ng rebolusyonaryong hustisya sa ilang sagad-sagarang kaaway ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

Ikinakatwiran ngayon ng rehimen ang lubusan nang pagkawala ng interes nito sa usapang pangkapayapaan sa pagsasabing lipas na ang pakikipag-negosasyon sa mga armadong kilusan pagkatapos ng atake sa US noong Setyembre 11, 2001.

Sa ngayon, buong pagmamayabang na tinatakot ng rehimen ang rebolusyonaryong kilusan na magtutuluy-tuloy ang interbensyong militar ng US kung hindi susuko ang BHB. Nalilimutan ng rehimeng Macapagal-Arroyo na sa nakaraang 33 taon, bigo ang imperyalismong US at mga nagdaang papet na rehimen nito na sugpuin ang armadong pakikibaka at tuluyang lipulin ang mga rebolusyonaryong pwersa. Ngayon, higit kailanman ay mas matatag at determinado sa paglaban ang BHB.

Malinaw na pambabastos sa mga kasunduan sa pagitan ng NDFP at GRP ang ginawa ni Macapagal-Arroyo. Pagtanggi rin itong tukuyin at lutasin ang mga ugat ng armadong labanan sa pagitan ng reaksyunaryong gubyerno at ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Samantalahin ang tumitinding mga hidwaan ng mga reaksyunaryo



ahil sa kabiguang lutasin ang mga suliraning sosyo-ekonomiko, malalang korapsyon, todo-todong pagpapahintulot sa pagpasok ng mga tropang Amerikano, militarismo at pagtalikod sa prosesong pangkapayapaan, mabilis na nahihiwalay ang rehimeng Macapagal-Arroyo sa mamamayang Pilipino.

Sa mga demonstrasyon sa Maynila at iba pang bahagi ng bansa nitong Mayo 1, humigit-kumulang 75,000 manggagawa ang nanawagan para sa pagpapatalsik sa rehimeng Macapagal-Arroyo. Bago ito, naglunsad ng demonstrasyon ang libu-libong kababaihan na tumuligsa kay Macapagal-Arroyo bilang "taksil sa inang bayan". Mula pa Pebrero, tuluy-tuloy ang mga protesta sa Maynila at iba pang lunsod laban sa paglulunsad ng Balikatan.

Sunud-sunod rin ang mga demonstrasyon ng iba't ibang aping sektor na nagtatanggol sa kanilang mga interes.

Mabilis na nahihiwalay ang rehimeng Macapagal-Arroyo kahit sa hanay ng petiburgesyang lunsod na malawakang lumahok sa EDSA 2. Parami nang parami sa kanila ang lumalahok sa mga alyansa ng iba't ibang mga patriyotiko at demokratikong pwersa laban sa korapsyon, pagtaas ng presyo at singil sa

ANG BAYAN. Mayo 2002

langis, kuryente at tubig, at laban sa armadong panghihimasok ng US.

Nagpipilit magpabango si Macapagal-Arroyo

Hindi mapagtakpan kahit ng sarbey ng mga burges na institusyon na mabilis na bumababa ang popularidad ni Macapagal-Arroyo. Desperado si Macapagal-Arroyo na iahon ang kanyang popularidad sa pamamagitan ng paglalabas ng salaping P200 na may larawan ng ama niyang dating pangulo sa harap at larawan niya sa likod; mga pagbisita sa mga maralitang komunidad at palabas na namimigay ng mga titulo ng lupa at iba pang buladas. Ang milyun-milyong pisong pampabango sanang patalastas na gustong maglarawan kay Macapagal-Arroyo bilang "Ina ng Bayan" ay nabigo at inulan ng batikos.

Isa pang gimik na sinikap ni Macapagal-Arroyo upang makapagpaganda ng papel ay ang pag-agaw sa inisyatiba sa pagpapatawag ng political summit ng lahat ng mga partidong pampulitika sa bansa. Ang reaksyunaryong oposisyon ang orihinal na nagplano ng naturang pulong. Sa tinaguriang All Political Parties' Conference nitong Mayo 3-5, katuwang si Speaker Jose de Venecia, tinipon niya ang 21 partidong pampulitika na karamiha'y kabilang sa kampong Macapagal-Arroyo. Ang mga ito ay ang Lakas-NUCD, Nationalist People's Coalition, Liberal Party, Partido Demokratiko Sosyalista ng Pilipinas at ilang maliliit na oportunistang grupong party-list.

Layunin sana ng kampong Macapagal-Arroyo na gamitin ang kumperensya para makipagkaisa sa iba't ibang partidong pampulitika sa ilang pampulitikang adyenda. Ngunit hindi dumalo sa kumperensya ang mga pangunahing partido ng reaksyunaryong oposisyon, ang Laban ng Demokratikong Pilipino at ang PDP-Laban. Idinahilan nila ang plano diumanong pag-aresto sa ilang lider ng oposisyon at ang pagharang ng mga pulis sa mga manggagawa at iba pang demonstrador mula Timog Katagalugan na papunta

...nakahanda
ang rebolusyonaryong kilusan
na labanan ang
sunud-sunod
na mga
reaksyunaryong
rehimen habang
nag-iipon ito ng
sapat na lakas
upang ibagsak
ang buong
naghaharing
sistema.

sa Maynila para dumalo sa rali noong Mayo 1.

Hindi rin dumalo ang Bayan Muna bilang protesta sa matinding karahasan at panunupil ng mga sandatahang pwersa ng estado sa mga lider at pwersa nito. Wala ring interes ang Bayan Muna na daluhan ang pagtitipon ng mga elitistang partidong pampulitika at tumulong sa pagpapaganda lamang ng papel ng naghaharing pangkatin.

Nagkaisa ang mga kalahok sa kumperensya sa pusisyong magpatawag ng kumbensyong konstitusyunal para susugan ang reaksyunaryong konstitusyon ng 1987 (tingnan ang kaugnay na artikulo) at sa iba pang usapin. Ang lahat ng mga ito'y nananatili sa antas ng panukala at kailangan pang idaan sa lehislasyon.

Lumabas na walang saysay ang kumperensya at kinausap lamang ng kampong Macapagal-Arroyo ang sarili nito.

Hidwaan sa loob ng kampong Macapagal-Arroyo

Sumambulat din kamakailan ang pagtindi ng dati nang namumuong mga hidwaan sa loob ng kampong Macapagal-Arroyo. Binuo ng isang paksyon sa loob ng naturang kampo ang Freedom Force na pinamumunuan nina Peping Cojuangco, Teodoro Benigno, Cesar Sarino, Pastor Saycon, dating PNP Chief Supt. Florencio Fianza at iba pa. Si Benigno ay naging Press Secretary ng dating presidenteng Corazon Aquino at ngayon ay isang kolumnista sa dyaryo. Si Sarino ay kilalang malapit kay dating presidenteng Fidel Ramos. Si Saycon ang pinuno ng Council of Philippine Affairs (COPA), isa sa mga grupong kumilos para patalsikin ang rehimeng Estrada. Noon pa ma'y balak na sana ng COPA na magtayo ng isang civilian-military junta, ngunit hindi ito nagawa dahil napag-iwanan ng mabilis na kumpas ng EDSA 2. May 19 umanong matataas na upisyal ng militar at pulisya sa likod ng grupo ngayon.

Pinangangambahan umano ng Freedom Force na "ang lumalalang kundisyon sa bansa ay nanganganib na samantalahin ng mga nasa dulo ng Kaliwa at Kanan", kaya ipinanunukala ng grupo na palitan ng "kolektibong pamumuno ng gitnang pwersa" ang kasalukuyang pamunuan. Gayunman, nabigo ang grupo sa pagtatangkang kunin ang basbas ni Jaime Cardinal Sin.

Umaksyon ang Malakanyang para alisan ng kakayahan ang grupo na gamitin ang mga pasilidad ng gubyerno. Tinanggal bilang director ng IBC Channel 13 si Maria Montelibano, asawa ni Pastor Saycon. Pansamantalang napatahimik ang grupo.

Desperasyon ng kampong Estrada

Mula't mula'y nais sana ng rehimeng Macapagal-Arroyo na makipag-areglo sa kampong Estrada upang mapangalagaan ang istabilidad ng kasalukuyang gubyerno.

Kabilang sa mga konsesyong handang ibigay ng rehimen kay Estrada ay ang maraming pribilehiyo sa detensyon, pagpapahintulot sa kanyang makapunta sa US upang diumano'y magpagamot, at iba pa. Kapalit ng mga ito, lihim na inalok ng kampong Estrada na titigilan nila ang destabilisasyon sa rehimeng Macapagal-Arroyo. Subalit ang lahat ng pagtatangkang ito ay nabigo dahil sa puspusang pagbabantay ng mga militanteng grupo.

Noon pang Mayo 1, 2001, tinangka na ng kampong Estrada na ibagsak si Macapagal-Arroyo sa pamamagitan ng pagpondo at pang-uupat ng paglusob sa Malakanyang. Ganito na ang antas na inabot ng banggaan ng dalawang kampo.

Nitong Abril at Mayo, muling nagplano ang kampong Estrada

Tungkol sa planong Constitutional Convention

Ang konstitusyon ng 1987 ay reaksyunaryo at nagsisilbi lamang sa interes ng mga naghaharing uri at mga dayuhang monopolyo-kapitalista. Nais ngayon itong gawing mas masahol sa pamamagitan ng pag-amyenda rito. Wala ni katiting na pakinabang na matatamo ang mamamayan mula sa planong ito.

Sa All Political Parties Conference na ipinatawag nina Macapagal-Arroyo at Speaker Jose de Venecia nitong Mayo 3-5, pinagkaisahan ang pagdaraos ng Constitutional Convention.

Ang pagbabago sa konstitusyon ay matagal nang iginigiit ng US at ng mga nagdaang rehimen.

Panloloko ang sinasabi ng mga reaksyunaryong pulitiko na ito ang lulutas sa maraming suliranin ng mamamayan. Ang totoo, tangka lamang nitong ilihis ang atensyon ng sambayanan sa ugat ng kanilang paghihirap.

Kabilang sa mga pinaplanong amyenda ang iba't ibang probisyong mag-aalis o magluluwag sa mga limitasyon sa termino ng matataas na upisyal ng gubyerno.

Isa pang signipikanteng amyenda ang pag-aalis sa mga probisyong nakasasagabal sa lubusang pagsubasta sa pambansang patrimonya at pagsasakatuparan ng mga patakaran ng imperyalistang "globalisasyon".

Nais din ng US at mga reaksyunaryong pulitiko na tanggalin ang mga probisyon na nagbabawal sa mga base militar at pagpasok ng mga armadong tropa at mga armas nukleyar. Ito'y upang mabigyan na ng buong laya ang mga tropang Amerikano na gamitin ang Pilipinas para sa mga operasyong militar ng US.

ng panibagong mga pagkilos para hamunin ang rehimen. Bahagi ng planong ito ang drama sa pagtanggi ni Estrada na lumahok sa paglilitis sa kanya. Hangad nilang akitin ang simpatya ng masa at kasangkapanin ito sa pagpapasiklab ng mga demonstrasyon sa lansangan at iba pang aksyon sa labas ng ligal o konstitusyunal na balangkas. Ngunit nabigo at kaagad naupos ang mga pagsisikap na ito ng kampong Estrada.

Dulot ng laki ng pangamba ng rehimen na maulit ang nangyari

noong nakaraang taon, sobra-sobrang pwersa ng pulis ang idineploy sa paligid ng Malakanyang at iba pang lugar sa Maynila upang hadlangan ang mga pwersang maka-Estrada sa anumang pagtatangkang lusubin muli ang Malakanyang nitong Mayo 1. Inaresto ang lider ng People's Movement Against Poverty (PMAP) na siyang nangangasiwa sa paghahakot ng mga maka-Estradang demonstrador.

Upang mapalaki ang demonstrasyon nitong Mayo 1, nakipagko-

ordina sila sa oportunista at kontrarebolusyonaryong grupong Sanlakas. Sumanib na rin sa kampong Estrada ang People's Consultative Assembly (PCA) na dating maka-Ramos at dati ring kaalyado ng kampong Macapagal-Arroyo. Ngunit kinapos sa pagpapakilos ng pwersa ang kampong Estrada at idinaan na lamang sa *psywar* ang pananakot sa rehimen. Sa pagsidhi ng desperasyon nitong makabalik sa poder, patuloy na gagawa ang kampong Estrada ng higit pang mga kaguluhan at pakana bago at sa panahon ng eleksyong 2004.

Paborable para sa rebolusyonaryong kilusan

Ang lalong pagkakahiwalay ng naghaharing rehimen at ang pagigting at pagtungo sa karahasan ng mga hidwaan sa hanay ng mga reaksyunaryong paksyon ay paborable para sa rebolusyonaryong kilusan. Kailangang mapakinabangan nang husto ang mga ito para palakasin ang mga rebolusyonaryong pwersa at puruhan ang prinsipal na ahente ng impervalismong US. Kasabay nito, kinakailangang linawin sa mamamayan ang pagkakaiba ng mga progresibo't rebolusyonaryong pwersa sa isang banda at ng sari-saring grupong reaksyunaryo at oportunistang nanunuyo sa suporta ng masa sa kabilang banda.

Patuloy na lalabanan ng rebolusyonaryong kilusan ang nakaluklok na rehimeng umaalingasaw ang baho sa korapsyon, militarismo at pagpapakatuta. Katulad ng ipinahayag ng Partido, nakahanda ang rebolusyonaryong kilusan na labanan ang kasulukuyang rehimen at ang mga susunod pang reaksyunaryong pangkatin habang nag-iipon ito ng sapat na lakas upang ibagsak ang buong naghaharing sistema.

Langis, Kuryente, Tubig

Protesta ng mamamayan sa pagtataas ng presyo at singil

nilunsad noong Abril 24 ang isang malawakang protesta laban sa mga monopolyong kumpanya sa langis, kuryente at tubig ■ dahil muli nilang itinaas ang presyo ng kanilang mga produkto at serbisyo. Sa bigat ng epekto nito, parang tinamaan ng tatlong magkakasabay na sakuna ang mamamayan.

> Umabot na sa P1.37 kada litro ang itinaas ng presyo ng langis mula Enero hanggang Abril. Nitong Mayo 17 at 18, itinaas muli ng mga kumpanya sa langis ang presyo nang P0.39 bawat litro.

> > Tinatayang aabot nang P1.00 bawat litro ang itataas ng presyo ng mga produktong petrolyo ngayong buwan. Idinadahilan ng kartel ng tatlong kumpanyang langis (Petron, Shell at Caltex) na tumaas na naman ang presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan.

buwan, umabot sa 100-116%

Sa mga nakaraang ang itinaas ng singil sa kuryente sa Kamaynilaan, Gitnang Luzon at Timog Katagalugan o mga lugar na bumibili ng kuryente sa Meralco dahil sa di makatarungang singil para sa PPA (purchased power adjustment). Ang PPA ay dagdag na singil sa kuryente upang tiyakin ang tubo

ng mga independent power producer (IPP). Maanomalya ang PPA dahil sa pamamagitan nito, pinababayaran ang buong kapasidad ng mga IPP, kahit malaking bahagi ng kapasidad nila ay di nagagamit. Sa pamamagitan ng PPA, binabayaran ng mga kon-

syumer ang singil ng mga IPP sa 5,000 megawatts na sobrang kapasidad nila na

hindi nakokonsumo. Ang ganitong mga sinisingil sa PPA ay bunga ng mga maanomalyang kontrata na binuo sa pagitan ng NAPOCOR at mga IPP sa panahon pa ng rehimeng Ramos para punuan ang malaking kakulangan noon sa suplay ng kuryente.

Sa kaso ng Meralco, ang P2.5835 (o 80%) sa kasalukuyang sinisingil nito na P3.2341/kwh na PPA ay bayad lamang sa "independent power producer" na tulad ng Meralco ay pag-aari rin naman ng mga Lopez.

Gusto ng Meralco na lalo pang palakihin ang singil sa kuryente

sa pamamagitan ng bagong sistema ng "unbundling" o paghahati-hati ng singil sa sumusunod na mga sangkap: generation, transmission, distribution, supply, metering at universal charges. Ito ay alinsunod sa Power Reform Act. Di hamak na mas malaki ang lalabas na singil (dagdag na P1.12 bawat kwh) batay sa ginawang pormula ng Energy Regulatory Commission para sa "unbundling".

Inianunsyo naman ng Maynilad at Manila Water Works noong Abril na itataas nila ang

singil sa tubig nang hanggang 94%. Kasalukuyang may nakasampang kaso laban dito. Ang singil sa kuryente ay pinamumunuan ng BAYAN at POWER, isang malawak na koalisyon na kinabibilangan ng mga organisasyong masa, komunidad ng maralitang lunsod, mga organisasyon ng mga mamimili, asosasyon ng mga panggitnang pwersa, taong simbahan at iba pang sektor.

Nagsagawa ng 15-minutong "black-out protest" ang koalisyon noong Abril 29 na nilahukan ng maraming komunidad sa Metro Manila. Nagkaroon din ng iba't ibang porma ng protesta kabilang

ang pagtatatak ng "Under Protest" (may pagtutol) sa electric bill ng Meralco. Isa ring grupo ng kababaihan, ang Ilaw ng Kababaihan, ay nagsunog ng mga electric bill bilang simbolo ng protesta. Mayroon ding mga nagpepetisyon, nagsampa ng kaso sa mga korte at nagdaraos ng pagaaral sa isyu sa mga "bayad center" ng kuryente at tubig.

Sa mga prubinsya, nakaamba rin ang pagtaas ng singil ng mga kooperatiba sa kuryente dahil sa pagtaas ng NAPOCOR sa singil nito sa PPA at CERA (currency

exchange rate adjustment o pagbabago-bago ng singil batay sa palitan ng piso sa dolyar). Marami

nang mga kooperatiba ang pinutulan ng NAPOCOR ng kuryente dahil hindi sila nakapagbabayad.

Sa tindi ng protestang bumabatikos sa "tatlong sakuna", napilitan ang kongreso at Malakanyang na pumapel at magkunwang magsasagawa ng mga pag-aaral upang pigilin ang pagtaas ng presyo. Napilitan din ang korte na iutos ang pansamantalang pagtigil sa pagtaas ng singil sa kuryente at tubig.

Nitong Mayo 9, napilitan si Macapagal-Arroyo na iutos sa NAPOCOR ang pagbawas sa sinisingil nitong PPA mula sa abereyds na P1.25 tungong P0.40/kwh. Bagamat makapagbibigay ito ng kagyat na ginhawa sa anyo ng mas mababang singil, iginigiit ng mga militanteng grupo na ibasura nang buo ang PPA.

(Para sa mas detalyadong pagtalakay sa langis at kuryente, basahin ang mga praymer na inilathala ng Kawanihan sa Impormasyon ng PKP: Monopolyo atbp. at Ang Electric Power Industry Reform Act of 2001.)

Umabot na sa P1.37 kada litro ang itinaas ng presyo ng langis mula Enero hanggang Abril. **Tinatayang** aabot nang P1.00 bawat litro ang itataas ng presyo ng mga produktong petrolyo ngayong buwan. Idinadahilan ng Petron, Shell at Caltex na tumaas na naman ang presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan.

Pagpapatalsik kay Macapagal-Arroyo iginiit nitong Mayo Uno

giniit ng mga militanteng organisasyong manggagawa ang pagpapatalsik sa rehimeng Macapagal-Arroyo sa paggunita ng Pandaigdigang Araw ng Paggawa at pagdiriwang ng sentenaryo ng pagkakatatag ng kilusang manggagawa sa Pilipinas nitong Mayo 1. Humigit-kumulang 75,000 ang lumahok sa mga raling pinangunahan ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) sa buong kapuluan. Tinuligsa nila si Macapagal-Arroyo bilang pangunahing kaaway ng uring manggagawa at ng sambayanan. Idineklara ng BAYAN na ang kilos protesta sa Mayo 1 ang "simula ng katapusan" ng rehimen ni Macapagal-Arroyo.

Sa Metro Manila, umabot sa 37,000 manggagawang kaanib ng KMU ang nagtipon sa Mendiola, kabilang ang mga delegasyon mula sa Timog Katagalugan at Gitnang Luzon.

Sa Bacolod City, mga 10,000 manggagawa sa ilalim ng KMU-

National Federation of Sugar Workers ang nagrali sa sentro ng lunsod.

Sa Bukidnon, 6,000 manggagawa, na karamihan ay mga nagtatrabaho sa tubuhan at myembro ng BAYAN, ang matagumpay na nagrali sa Valencia City sa kabila ng harasment sa kanila ng militar.

Sa Bikol, libu-libong manggagawa at iba pang sektor ang nagsitipon sa mga lunsod ng Naga (5,000) at Legazpi (3,000). Nakiisa sa mga manggagawa ang mga organisasyon ng magsasaka, kawani ng gubyerno, drayber at iba pa.

Sa Leyte, umabot sa 5,000 ang nagrali sa mga lunsod ng Tacloban, Ormoc at Maasin at anim pang lunsod sa isla.

Sa Cebu City, 3,000 myembro ng KMU, BAYAN at GAB-RIELA ang nagrali sa may Metro Gaisano *junction road*. Nagwelga rin nang kalahating-araw ang mga drayber ng pampublikong sasakyan.

Sa Iloilo City, may 3,000 ring kasapi ng KMU, BAYAN at ng National Priests Organization ng Iglesia Filipina Independiente ang nagtipon sa Barangay Lapuz Norte sa La Paz, kung saan itinatag noong 1929 ang militanteng Federacion Obreras de Filipinas (FOF). Pinarangalan sa rali si Jose Ma. Nava, ang tagapagtatag ng FOF.

Sa Davao City, libu-libong militanteng manggagawa ang hinarang nang tangkain nilang magmartsa patungo sa Matina campus ng University of Mindanao, kung saan nagtatalumpati si Macapagal-Arroyo sa harap ng mga lider at myembro ng mga dilawang unyon. Inilunsad nila ang kanilang pamamahayag sa kalapit na Ateneo de Davao.

Sa Baguio City, daandaang myembro ng KMU at Cordillera People's Alliance ang naglunsad ng martsa-rali sa Session Road.

Sa Timog Katagalugan, nagrali ang daan-daang manggagawa sa Lucena City at sa may Cavite Export Processing Zone.

Sa Gitnang Luzon, nagmartsa ang mga manggagawa patungong Clark Air Base sa Pampanga.



Mga pagkilos sa Pandaigdigang

Araw ng Paggawa

uling ipinakita ng proletaryado sa buong mundo ang kanilang makauring pagkakaisa at lakas nitong Mayo 1. Sa iba't ibang dako ng daigdig, bumuhos ang mga manggagawa sa lansangan, kasama ang iba pang inaaping uri at sektor sa kani-kanilang mga bansa, daladala ang mga makauri, demokratiko at patriyotikong kahilingan ng mamamayan at paglaban sa imperyalismo at lokal na reaksyon.

Sa Cuba: Mahigit isang milyong mamamayan ang bumuhos sa sentro ng Cuba upang makiisa sa panawagan ng gubyernong Castro laban sa panggigipit at pang-aapi ng imperyalismong US sa kanilang bansa.

Russia: Daan-daang libong Ruso ang sumali sa mga martsa at rali sa iba't ibang bahagi ng bansa, dala-dala ang mga pulang bandila at iba pang simbolo ng maningning na kasaysayan ng sosyalismo sa bansa. Sa Moscow, hindi bababa sa 140,000 ang sumali sa demonstrasyon laban sa kapitalistang sistema sa bansa.

Turkey: Ilampung libo ang bumuhos sa lansangan ng Istanbul upang kundenahin ang mga pangekonomyang patakarang dikta ng IMF na ipinatutupad ng gubyerno roon. Kinundena rin nila ang terorismo ng Israel laban sa mamamayang Palestino. Sa silangang bahagi ng Turkey, marahas na binuwag ng mga pulis ang rali.

Italy: Hindi bababa sa 75,000 myembro ng mga unyon ang sumali sa rali sa Bologna. Habang

may dala-dalang pulang mga bulaklak, nana-wagan sila "para sa kapayapaan, trabaho, pagtatanggol ng mga karapatan at laban sa terorismo".

Spain: Umabot sa 60,000 manggagawa ang sumali sa rali sa Madrid na pinamunuan ng iba't ibang grupo sa paggawa. Paghahanda ito para sa pangkalahatang welga sakaling bawiin ng gubyerno ang mga panlipunang seguro para sa mga walang trabaho.

Indonesia: Libu-libong manggagawa ang bumuhos sa lansangan upang ipanawagang kilanlin ng gubyerno ang Araw ng Paggawa, igiit ang mas mataas na minimum na sahod at ipatigil ang idinikta ng IMF na pag-aalis ng mga subsidyo sa langis at kuryente.

Croatia: Limang libong manggagawa ang nagmartsa sa Zagreb upang tutulan ang plano ng gubyerno na bawa-

san ang mga karapatan sa paggawa.

Greece: Sa Athens, bilang protesta sa pananalakay ng Israel sa Palestine, sinunog ng 3,000 manggagawa ang mga effigy nina Israel Prime Min. Ariel Sharon at US Pres. George Bush.

Hong Kong: Mahigit 500 piloto ang nagmartsa sa lansangan, kasabay ng mga manggagawang Pilipino roon, upang igiit ang pagkakaroon ng minimum na sahod at iprotesta ang papaliit na halaga ng kanilang sahod sa harap ng papalaking tubong kinakamal ng mga kumpanya sa airlines doon.

ANG BAYAN . Mayo 2002

Rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa Nepal

abilis na kumakalat ang apoy ng armadong rebolusyon sa Nepal. Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Nepal (Maoista), puspusang sumusulong ang rebolusyonaryong kilusan doon laban sa paghahari ng mga mapagsamantalang uri.

Sa nakaraang mga buwan, Noong Abril, inilunsad ang nagdulot ng mabibigat na bigwas limang araw na pambansang welga ang People's Liberation Army na yumanig sa buong naghaharing (PLA) laban sa naghaharing reaksistema. Umalingawngaw sa syunaryong sistema sa Nepal. buong bansa ang mga sigaw para Noong Pebrero hanggang Marso, sa pagtatayo ng isang malayang magkakasunod na nireyd ng mga republika. Kasabay nito, inilunsad rebolusyonaryong mandirigma ng PLA ang mga koordinadong ang mga detatsment ng pulis sa opensiba sa mga detatsment kanlurang bahagi ng Nepal ng pulis sa Achham at Rolpa kung saan mahigit (tingnan ang mapa) na pumuksa sa mahigit 300 200 pulis ang nilipol. pulis. Accham Jajarkot • Rolpa ☼ Kathmandu O Kavre 100 km 100 mi

Ang Kingdom of Nepal ay isang atrasadong bansa sa South Asia. Nasa timog nito ang India at sa hilaga ang Tibet at China. Kinakanlong ito ng matataas na bundok ng Himalayas kung saan matatagpuan ang Mt. Everest, ang pinakamataas na bundok sa mundo. Kasalukuyang nakapailalim ang Nepal sa paghahari ng monarkiya kahit pa may itinayong parlamento noong 1990 matapos ang malawakang demokratikong pagkilos noong dekada 1980.

Paglulunsad at paglawak ng digmang bayan

Pebrero 13, 1996 nang ilunsad sa kauna-unahang pagkakataon ang matagalang digmang bayan upang isulong ang bagong demokratikong rebolusyon laban sa mga imperyalista at lokal na reaksyunaryong uri sa Nepal.

Bago ito, inilatag na ng mga rebolusyonaryo ang mga batayang rekisito sa pagtatayo ng isang hukbong bayan, kabilang ang paglalatag ng estratehiya at taktika ng armadong pakikibaka, paglulunsad ng mga pulitiko-militar na pag-aaral at kaukulang pagbabago sa organisasyon. Kasabay ng panimulang mga taktikal na opensiba, ibinwelo ng mga rebolusyonaryo ang pagtatayo ng mga sonang gerilya na nagkonsolida sa malawak at malalim na baseng masa ng Partido sa bansa.

Mula 1996, tuluy-tuloy na lumakas ang armadong rebolusyon sa Nepal. Hakbang-hakbang na pinaunlad ang rebolusyonaryong baseng masa sa kanayunan sa pamamagitan ng pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na mahihirap na magsasaka sa kanayunan ng Nepal, pagsasagawa ng mga pag-aaral at paglulunsad ng mga kampanya upang mapaunlad ang kabuhayan ng masa.

Kaalinsabay, isinagawa ang mga reyd laban sa mga ahensya ng gubyerno na labis na nagpapahirap sa masang magsasaka at mga pagpaparusa ng pinakamasasamang elemento sa mga komunidad. Nagorganisa rin at nagpakilos ang mga rebolusyonaryo sa hanay ng mga manggagawa sa kalunsuran.

Nagpakahusay sa pakikidigmang gerilya ang PLA gamit ang sariling gawang mga bomba at armas, mga tradisyunal na sandata

tulad ng *khukhuris* (isang klase ng itak) at mga kagamitan sa trabaho. Mapangahas na nireyd ang mga piling detatsment ng pulis upang makaipon at magpakahusay sa paggamit ng mga makabagong armas.

Sa ngayon, nasa katayuan ang PLA na maglunsad ng mga matagumpay na operasyon sa antas ng mga pansamantalang batalyon (na binubuo ng ilandaang Pulang mandirigma). Nasa kamay nito ngayon ang daan-daang malalakas na armas at iba pang modernong kagamitang militar. Nabuo na ang mga pansamantala at permanenteng kumpanya sa ilalim ng iba't ibang kumand sa mga rehiyon. Mayroong dose-dosenang regular na platun at daan-daang regular na mga iskwad. Dagdag dito, libu-libong mamamayan na ang nabigyan ng armas at pagsasanay bilang kasapi ng milisyang bayan.

Sa maraming lugar sa kanayunan, umiiral ang pampulitikang kapangyarihan ng mamamayan sa mga sona at larangang gerilya. Sa iba't ibang antas, nakikilusan nila ang 22 sa 40 distrito ng bansa. Noong Mayo 2001, itinatag na ang mga gubyernong bayan sa kanlurang bahagi ng Nepal. Kusang umatras ang mga pwersang pulis sa mga eryang ito dulot ng lakas at lawak ng suporta sa armadong rebolusyon. Dito, nakapaglunsad na ng mga eleksyon upang itayo ang mga lokal na nagkakaisang komite ng mamamayan hanggang sa antas ng komunidad at distrito.

Kontra-rebolusyonaryong tugon at suporta ng US sa gubyerno ng Nepal

Nag-alok ng negosasyon ang reaksyunaryong gubyerno noong

Hulyo 2001. Nakipagtigil-putukan ang PLA upang bigyang-daan ang negosasyon para sa pagtatayo ng isang republika.

Bumagsak ang negosasyon nang walang naabot matapos ang limang buwan dahil sa mga pailalim na maniobra ng monarkiya ng Nepal at kainutilan ng parlamento ng Nepal sa harap nito.

Noong Nobyembre 2001, ipinataw ng gubyernong Nepali ang batas militar at pinakilos ang Royal Nepal Army (RNA), ang sandatahang pwersang nakapailalim sa awtoridad ng monarkiya. Mula noon, inilunsad ng RNA ang madudugong atake sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

Sa nakaraang limang buwan, daan-daang sibilyan sa kanluran at silangang Nepal ang minasaker ng RNA bilang ganti sa natamo nitong pagkatalo sa mga engkwentro sa PLA. Upang pagtakpan ang kanilang mga krimen, iniuulat ito sa midya bilang mga "engkwentro" o "reyd" sa mga diumano'y kampo ng mga rebolusyonaryo. Sa katunayan, ang mga operasyong militar ng RNA ay sistematikong pagpapatupad ng henosidyo sa mga balwarte ng rebolusyon. Gayundin, walang pakundangang minamasaker ang mga nadadakip na aktibista at bihag-digma. Sa pinakahuling "engkwentro" sa Rolpa-Piuthan at Doti (kanlurang Nepal), pinalalabas ng RNA na mga rebolusyonaryo ang mga sibilyang napatay doon upang magpakitanggilas sa mga imperyalistang amo nito sa US at United Kingdom at ilatag ang mga kundisyon upang mapalawig ang batas militar.

Sinusuportahan ng US ang kontra-rebolusyonaryong digma at diktadurang militar ng monarkiya sa Nepal. Isinali nito ang PLA at PKN(M) sa listahan ng tinatagurian nitong "terorista".

Noong Enero, bumisita sa bansa si US Sec. of State Colin Powell upang simulan ang paghahanda para sa malawakang interbensyon laban sa armadong rebolusyon at para itayo ang permanenteng base militar ng US sa bansa. Nang bumisita sa US nitong Mayo si Sher Bahadur Deuba, prime minister ng Nepal, binuo na ang plano ng armadong panghihimasok ng US sa bansa. Naglaan na rin ang US ng \$20 milyon ayudang militar, mga armas, bala at helikopter para gamitin ng RNA sa pagtugis sa mga rebolusyonaryo sa kabundukan.

Iniutos din ng US ang pagabandona sa taktika ng pakikipagnegosasyon sa mga rebolusyonaryo sa harap ng panawagan para rito ng malawak na hanay ng mamamayan at maging ng ilang mga reaksyunaryo.

Bilang tugon, itinatag ng PKN(M) ang United Revolutionary Peoples Council sa pambansang antas upang kumatawan sa ibaibang nasyunalidad, *castes* (o mga saray ng lipunan), mga kababaihan, organisasyon, komite sa nagkakaisang prente at mga patriyotiko at demokratikong pwersa sa mga pinalayang purok at itinaas sa panibagong antas ang armadong rebolusyon sa bansa.

And LAWAK AT LAKAS NA NAABOT na ng armadong rebolusyon sa Nepal sa loob ng anim na taon ang naghanda sa mamamayan at mga rebolusyonaryo na harapin ang papasinsin at papaigting na mga atake ng reaksyon at naka-ambang armadong interbensyon ng imperyalistang US sa bansa.

15

Balita

Mga tropa ng 14th IB, inambus sa Eastern Samar

Inambus ng mga Pulang mandirigma ang isang grupo ng mga sundalo ng 14th IB noong Abril 27. Ang taktikal na opensiba ay inilunsad sa Barangay Can-iray, Can-avid, Eastern Samar. Isang sarhento ang namatay sa ambus.

Kumpanya ng bus pinarusahan sa Capiz

Pinarusahan ng Coronacion Chiva-Waling-Waling Command ng Panay ang Ceres Bus Lines dahil sa di nito pagtalima sa patakaran ng rebolusyonaryong kilusan hinggil sa pagbubuwis.

Isinagawa ang pagpaparusa sa Barangay Banate, Pontevedra, Capiz noong Abril 19 sa pamamagitan ng pagsunog sa isang pampasaherong bus ng Ceres na nagkakahalagang P2.4 milyon.

Pagkamatay ng 15 sibilyan sa Oriental Mindoro, kinundena

Mariing kinundena ng Karapatan sa Timog Katagalugan ang pagkamatay ng di bababa sa 15 sibilyan at pagkasugat ng marami pang iba nang kanyunin ng militar ang Barangay Carumaguit, Naujan, Oriental Mindoro nitong Mayo 16. Ayon sa Karapatan, kinanyon ng *howitzer* ng mga elemento ng 2nd Scout Ranger Company ang barangay mula madaling araw hanggang pagkatanghali habang tinutugis ang isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Anito, umabot na rin sa mga kalapit na

barangay ng Komunal at Balinggayan sa Calapan City ang nagpapatuloy na operasyong militar.

Dadalawang bangkay pa lamang ng mga biktima ang nababawi dahil pinagbabawalan ng militar na pumasok sa lugar ang mga kagawad ng midya at myembro ng mga grupong nagtatanggol sa karapatangtao. Iniulat din ng Karapatan ang pagkasawi ng tatlong Pulang mandirigma sa mabangis na operasyon.

Harasment ng CAFGU, kinundena sa Surigao del Sur

Kinundena ng mga myembro ng Bad-as Integrated Stewardship Development Cooperative (Bisdeco), isang organisasyon ng mga magsasaka sa Lianga, Surigao del Sur, ang harasment sa kanila ng mga elemento ng CAFGU. Ayon sa Bisdeco, habang sila'y nagtatanim ng mga punongkahoy sa Barangay Manyayay ng naturang bayan noong Abril 20 ay pinuntahan sila ng mga elemento ng CAFGU sa ilalim ng 28th IB, tinutukan ng baril, binantaang sasaktan at pinaratangang mga tagasuporta ng BHB. Iginiit ng Bisdeco sa isang petisyong isinampa sa Sangguniang Bayan ng Lianga, na pagbawalan ang CAFGU na pumasok sa Manyayay.

Masinloc Power Plant, binarikadahan

Mga 2,000 mamamayan ng Barangay Bani, Masinloc, Zambales ang sumugod at nagbarikada sa Masinloc Coal-fired Thermal Power Plant bago maghatinggabi nitong Mayo 5 para igiit na bigyan sila ng kumpensasyon dahil sa sapilitang pag-okupa ng planta sa kanilang lupain. Binarikadahan ng mga residente ang mga mayor na daan papunta sa planta habang 20 bangkero naman ang nagpatrol sa daan sa pagitan ng planta at dagat. Pansamantalang naparalisa ang operasyon ng planta dahil sa aksyong masa. Ang Masinloc Coal-fired Thermal Power Plant ang isa sa pinakamalalaking suplayer ng kuryente sa buong Luzon.

Operasyon ng Malampaya, tinutulan

Tinututulan ng Buklurang Lakas ng Mangingisda, isang grupo ng mga mamamalakaya sa Mindoro, ang operasyon ng Malampaya *oilfields* dahil sa pagwasak nito sa kanilang kabuhayan. Anila, halos kalahati ang nabawas sa dami ng nahuhuli nilang isda mula nang magsimula ang operasyon ng naturang

proyekto sa Palawan.

Anti-minoryang kautusan, binatikos ng mga Ibaloi

Binatikos noong unang linggo ng Mayo ng mga Ibaloi sa Benguet ang Administrative Order No. 3 (AO

3 series of 2002) ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP). Ang AO 3 ay gagamitin sa pagbili ng mga lupaing ninuno ng mga Ibaloi upang mapaalis na sila at maipilit ang implementasyon ng \$1.1 bilyong San Roque Multipurpose Dam Project sa Itogon, Benguet. Ayon sa bagong kautusan, ang NCIP na ang may pinal na karapatang magbigay ng pahintulot sa mga korporasyon na gamitin ang mga likas-yaman sa mga lupaing ninuno, kahit na tumututol ang mga apektadong komunidad ng minorya.

Balita

Pagsupil sa Bayan Muna, iimbestigahan sa kongreso

Sinuportahan ng 114 na kongresista ang resolusyon upang imbestigahan ang panunupil ng estado sa partidong Bayan Muna (BM). Ang resolusyon para rito ay unang inihapag ni Satur Ocampo, kinatawan sa kongreso ng BM.


Ayon kay Ocampo, mayroon nang 64 dokumentadong kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng mga myembro at tagasuporta ng BM mula Pebrero 2001 hanggang Abril 2002. Karamihan sa mga kaso ay naganap sa Timog Katagalugan, Silangang Kabisayaan, Kanlurang Kabisayaan, Gitnang Luzon at Kabikulan. Mahigit 70% sa mga paglabag ay ginawa ng militar, pulisya at mga elemento ng CAFGU.

Pagdawit sa BAYAN sa pambobomba, kinundena

Kinundena ng Karapatan ang tangka ng militar na idawit sa pambobomba sa General Santos City noong Abril 21 ang tatlong inosenteng sibilyan at ang Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN). Ayon sa Karapatan, isang araw bago maganap ang pambobombang ikinamatay ng 15 katao at ikinasugat ng 60 iba pa, sinugod ng mga nakamaskarang armadong kalalakihan ang Pasa Sambao Clinic na kinaroroonan nina Jejhon Macalinsal, Abubakar Amilhasan at Arsul Ginta at nagsisilbi ring hedkwarters ng BAYAN sa General Santos City. Tinutukan at pinwersa si Macalinsal na itawag sa upisina ng Bayantel ang banta ng pambobomba. Isang araw pagkaraan ng pambobomba, inianunsyo ng pulisya na ang pagbabanta ay nagmula sa himpilan ng BAYAN, at inaresto ang tatlo. Subalit nitong Mayo 9, inianunsyo muli ng pulisya nang walang paliwanag, na nadakip na raw nila ang mga tunay na salarin.

Mga kongresista nag-agawan sa pondo

Garapalang ipinakita ng mga kongresista nitong Mayo ang kanilang kahayukan nang pag-awayan nila ang hatian sa pondo para sa impras-



truktura. Iginiit ng mga kongresista na hatiin nang pantay-pantay ang P34.8 bilyong pondo ng Department of Public Works and Highways sa halip na ipamahagi ito batay sa partikular na pangangailangan ng mga distrito. Nang aprubahan na ito, muli nilang iminungkahi na dagdagan pa ito ng P3 bilyon mula sa pondong pang-imprastruktura ng Department of Agriculture at Department of Agrarian Reform. Gayon na lamang ang paggigiit ng mga kongresista dahil umaabot sa mahigit 50% ang kikbak na nakukuha nila mula sa badyet pang-imprastruktura ng kanilang mga distrito.

Kaso laban sa mga Marcos natalo dahil sa teknikalidad

Dahil sa teknikalidad lamang, natalo nitong Mayo 6 ang 15-taong kaso laban sa mga Marcos hinggil sa pagmamay-ari ng Philippine Long Distance Telephone Co. (PLDT). Hindi mapatunayan sa Sandiganbayan na ang mga Marcos nga ang tunay na nagmamay-ari ng mayorya ng mga sapi sa PLDT dahil mga *photocopy* lamang at hindi mga orihinal na dokumento ang inihaing ebidensya ng Philippine Commission on Good Government (PCGG). Mariing binatikos ng Karapatan ang PCGG dahil sa kapabayaan nito.

Eksport ng mga damit, bagsak

Bumagsak ang eksport ng mga damit mula Enero hanggang Abril dahil nabawasan nang halos 25% ang inaangkat na damit ng US mula sa Pilipinas. Ito'y dahil ang mas binibili na ngayon ng mga Amerikano ay mga mumurahing damit at tela. Bunga nito, maraming magsasarang pabrika at aabot sa 400,000 manggagawa ang mawawalan ng trabaho pagsapit ng 2004.

ANG BAYAN. Mayo 2002

Balita

Libya, Syria at Cuba idinagdag ng US sa mga target na estado

Idinagdag ng US sa listahan ng pangunahing tinatarget na mga estado ang Libya, Syria at Cuba nitong unang linggo ng Mayo. Nauna rito, pinaratangan nang "sentro ng kasamaan" at mga pangunahing target ng mga atake at panunupil ng US ang Iraq, Iran at North Korea dahil sa kanilang anti-US na paninindigan.

Pandaigdigang hukuman, ibinasura ng US

Pormal na tumanggi ang administrasyong Bush nitong Mayo 6 na suportahan ang International Criminal Court, isang permanenteng pandaigdigang hukuman na lilitis sa mga taong gumawa ng mga krimen sa digma, henosidyo at iba pang krimen laban sa sangkatauhan. Lantarang sinabi ng US na hindi ito makikipagtulungan sa korte dahil nangangamba ito na magagamit ang korte para litisin ang mga nagkasalang upisyal at tauhang militar ng US.

Marami nang nauna ritong pandaigdigang tratadong ibinasura ng US dahil apektado ang mga pang-ekonomya at pangmilitar na interes nito. Kabilang sa mga kasunduang tinalikuran ng US kamakailan lamang ang ballistic missile non-proliferation treaty at ang Kyoto Accord (tratado para sa pagbabawas ng inilalabas na mga kemikal na nagiging dahilan ng pag-init ng temperatura ng daigdig o global warming).

Pabatid

Simula sa isyung ito, regular na ring ilalabas ang edisyong Waray ng **Ang Bayan**. Inilalabas na ang **AB** sa limang mayor na lenggwahe sa Pilipinas—Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Iloko at Waray, bukod pa sa Ingles.

Magpadala ng blangkong *email* sa *address* ng edisyong nais ninyong tanggapin:

angbayan_updates_pilipino-subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_bisaya-subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_english-subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_hiligaynon-subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_iloko-subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_waray-subscribe@yahoogroups.com

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala.

Mamamayang Pranses, kumilos laban kay Le Pen

Nitong Mayo 1, mahigit isang milyon ang dumagsa sa lansangan sa iba't ibang bahagi ng France laban sa kandidatura ni Jean-Marie Le Pen, isang ultra-kanang lider, at laban sa lumalakas na pasistang tunguhin na kinakatawan niya. Sa Paris, mahigit 250,000 ang nagrali habang umabot sa 900,000 ang nagtipon sa iba pang syudad sa France. Kabilang dito ang mga grupo sa paggawa na nakiisa sa panawagan ng mamamayan laban kay Le Pen at laban sa kapitalismo at pasismo. Nangamba ang mamamayan sa France sa nakagugulat na pagkapanalo ni Le Pen sa unang yugto ng eleksyong presidensyal sa bansa. Nagsagawa rin ng katulad na mga demonstrasyon sa Switzerland at Belgium. Dahil sa lakas ng sentimyentong antipasista at antirasista, natalo ni Jacques Chirac si Le Pen sa ikalawa at huling yugto ng eleksyon.

Israel, napilitang iatras ang tropa sa Gaza Strip

Nitong Mayo 13, napilitan si Ariel Sharon, *prime minister* ng Israel, na iatras ang nakaambang atake sa Gaza Strip matapos magrali ang mahigit 60,000 Israeli laban dito. Ang nakaambang pagsalakay ay reaksyon ng pasistang gabinete ng Israel sa pinakahuling *suicide bombing* sa Tel Aviv.

Gayundin, matapos ulanin ng batikos at pagkundena, napilitan ang Israel na makipagkasundo sa Palestine at palayain ang mga kinubkob nitong mga armado at sibilyang Palestino sa loob ng Church of the Nativity sa Bethlehem. Nitong Mayo 9, sumang-ayon ang Israel sa kasunduan sa kundisyong ididistyero sa Europe ang 13 wanted ng Israel mula sa mga Palestinong nasa loob ng simbahan. Malayang nakalabas ang iba pa.

Sa kabila ng malakas na pagkundena ng mundo sa pananalakay ng Israel, nitong Mayo ay ipinasa sa senado at kongreso ng US ang isang resolusyong sumasang-ayon sa mga "hakbang kontra-terorismo" ng Israel at naglalaan ng karagdagang ayudang militar dito.